Little Tokyo Service Center

Adriana Perez:
213-481-0227
aperez@LTSC.org

Narito ang LTSC upang Tumulong

Alam namin na maraming tao ang nag-aalala tungkol sa mga pagsalakay sa imigrasyon at mga deportasyon. Narito ang Little Tokyo Service Center (LTSC) para tulungan at suportahan ka.

Kung Ano ang Ginagawa Namin

Ang LTSC ay tumutulong sa sinumang nangangailangan, ikaw man ay isang mamamayan o hindi. Hindi kami nagtatanong tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon upang mabigyan ka ng mga serbisyo. Minsan, maaaring kailanganin nating sundin ang mga patakaran ng gobyerno na naglilimita sa ating mga serbisyo sa mga mamamayan, ngunit ito ay bihira.

Ang Iyong Impormasyon ay Ligtas

Inaatasan kami ng aming mga tagapagpondo na mangolekta ng ilang impormasyon, tulad ng kita at laki ng sambahayan.

- HINDI namin ibinabahagi ang iyong impormasyon sa Imigrasyon at Pagpapatupad ng Customs (Immigration and Customs Enforcement, ICE) o Patrol sa Border.
- Ang mga ahensya ng gobyerno na nagpopondo sa amin ay hindi rin maaaring ibahagi ang iyong impormasyon sa ICE o Patrol sa Border.

Ang Iyong Kaligtasan ay Pangunahin

Ang iyong tahanan, gusali at preschool ay pribadong pag-aari.

- Ang ICE o Patrol sa Border ay maaari lamang pumasok kung mayroon silang warrant na pinirmahan ng isang hukom, at ang isang hukom ay mangangailangan ng sapat na ebidensya ng isang krimen bago pumirma ng isang warrant.
- Sinasanay namin ang mga kawani ng LTSC upang matiyak na nasusunod ang mga patakarang ito.
- Maaari kaming magbigay ng pagsasanay na Alamin ang Iyong Mga Karapatan sa iyong gusali.

Para sa agarang tulong kung may pagsalakay o ikaw ay nakakulong, maaari kang makipag-ugnayan:

Linya ng Tugon sa Pagsalakay ng Los Angeles: 888-624-4752

Narito Kami para sa Iyo **213-481-0227**

Ang LTSC ay nagmamalasakit sa iyong kaligtasan at kapakanan. Pakisuyong makipag-ugnayan kung kailangan mo ng tulong.

- Kung ikaw o isang taong kilala mo ay nakakulong o naaabala ng mga ahensyang ito, ipaalam sa amin. Maaari ka naming ikonekta sa mga abogado at iba pang tulong.
- Mag-ingat sa mga scam! Ang ilang mga tao ay maaaring magpanggap na mga ahente ng gobyerno o humingi ng pera upang "ayusin" ang mga isyu sa imigrasyon. Kung may nararamdamang mali, makipag-ugnayan sa amin.
- Nag-aalok kami ng suporta sa kalusugang pangkaisipan para sa iyong gusali. Ipaalam sa amin kung gusto mo ng higit pang impormasyon o kailangan mo ng kausap.